IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Tawid-Disiplinang Pagtuturo: Pagtatagumpay, Mga Hamon at Adhikain sa Pagtuturo ng Iba't Ibang Disiplina

**GINALEE B. GENERALE**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.

*Abstract* — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang mga karanasan, hamon, at adhikain ng mga gurong nagtuturo ng mga asignaturang hindi alinsunod sa kanilang espesyalisasyon, partikular sa larangan ng Filipino. Gumamit ng kwalitatibong disenyo, partikular na ang phenomenological na pamamaraan, upang maunawaan ang mga pananaw at saloobin ng mga kalahok hinggil sa kanilang propesyunal na paglago at mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo. Nakatulong ang lente ng Social Cognitive Theory ni Albert Bandura (1986) sa pag-aanalisa ng papel ng self-efficacy at interaksyon sa pagitan ng guro, kapaligiran, at mga personal na karanasan sa paghubog ng kanilang kakayahan. Lumitaw sa resulta na ang mga guro ay aktibong naghahanap ng mga angkop na pamamaraan at suportang pang-propesyonal upang mapunan ang kanilang kakulangan sa pedagohikal na kaalaman, na nagreresulta sa mas malikhain at kontekstuwalisadong pagtuturo. Ipinapakita rin ng pag-aaral ang pangangailangan para sa mas inklusibo at interdisiplinaryong mga programa sa propesyunal na pag-unlad ng mga guro, kasama ang pagbuo ng komunidad ng mga guro at paggamit ng teknolohiya upang mapalawak ang akses sa mga materyales at suporta. Sa kabuuan, ang mga adhikain ng mga gurong ito ay sumasalamin sa isang kolektibong layunin na makapaghatid ng dekalidad at makabuluhang edukasyon sa kabila ng mga limitasyon sa espesyalisasyon.

***Keywords* — *Tawid-disiplinang pagtuturo, propesyunal na pag-unlad ng guro, self-efficacy***

## I. Introduksyon

Ang mahusay na guro ay hindi lamang nakauunawa ng kanyang itinuturo, kundi marunong ding umangkop sa pangangailangan ng kanyang mga mag-aaral. Ayon kay Licklider (2018), ang isang mabuting guro ay taglay ang malalim na pag-unawa sa paglikha ng kaalaman sa disiplina, sa paraan ng pag-oorganisa nito, at sa koneksyon nito sa iba't ibang larangan. Ginagamit ng guro ang kaalamang ito upang mahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ang kakayahang magsuri, magbuod, at maglahad ng mga natutuhan.

Gayunman, hindi maikakaila na may mga pagkakataong ang mga guro ay itinalaga upang magturo ng mga asignaturang hindi saklaw ng kanilang espesyal na pagsasanay. Tinatawag itong out-of-field teaching, o ang pagtuturo sa labas ng disiplina ng kadalubhasaan. Isinasaad nina Ingersoll (1999) at Hobbs (2013) na ito ay isang pandaigdigang suliranin, kung saan ang mga guro ay itinalaga sa mga asignatura o antas na hindi nila espesyalisado. Bagama't laganap ito sa iba't

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

ibang bansa, may pagkakaiba-iba sa pagtugon at pananaw ukol dito (Hobbs at Törner, 2014; Price et al., 2019).

Upang mabigyang tugon ang isyung ito, ang mga bansang tulad ng Australia, Ireland, England, Germany, Indonesia, at United States ay nagsagawa ng mga inisyatiba upang bigyang suporta ang mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang larangan (Price et al., 2019). Naging mahalagang pananagutan ng mga guro ang pagbibigay ng dekalidad na edukasyon, anuman ang larangang kanilang tinuturo (Porsch & Whannell, 2019). Sa ganitong konteksto, higit na nagiging makabuluhan ang pag-unawa sa mga karanasan ng mga gurong nagtuturo ng mga asignaturang labas sa kanilang dalubhasaan.


Sa konteksto ng Pilipinas, itinatampok sa isang ulat mula sa Morong National High School sa Rizal ang hindi balanseng alokasyon ng mga guro kumpara sa bilang ng mga asignatura at mag-aaral, kaya't may mga gurong naitalaga sa mga paksang hindi nila espesyalidad (Raymundo, 2021). Ganito rin ang karanasang naitala nina Lagata at Marbella (2024) sa lalawigan ng Sorsogon, kung saan isinailalim sa pagsusuri ang kakayahan ng mga gurong di-major sa Filipino sa pagtuturo ng wika't panitikan, kabilang ang kanilang mga hamon at tagumpay.

Ang pagtuturo ng asignaturang labas sa kadalubhasaan ay may kasamang hamon gaya ng kakulangan sa kaalaman sa nilalaman, kahirapan sa pagpaplano ng aralin, kakulangan sa kagamitan, at maging sa relasyon sa mga mag-aaral. Dahil dito, mahalagang magkaroon ng pedagohikal at kurikular na suporta para sa mga gurong tumatawid-disiplina, tulad ng pagsasanay, mentoring, at kolaborasyon sa mga eksperto ng larangan.

Bilang isang guro na nakararanas ng ganitong kalagayan, partikular sa pagtuturo ng Technology and Livelihood Education (TLE) na may mga sangay gaya ng Home Economics, Agriculture, Industrial Arts, at ICT layunin ng pananaliksik na ito na mailahad ang mga salaysay ng karanasan, hamon, at tagumpay ng mga gurong nagtuturo ng mga kursong teknikal kahit hindi ito ang kanilang pangunahing disiplina. Isa sa mga pangunahing hamon na personal kong naranasan ay ang pag-angkop sa wikang ginagamit bilang panturo, na may malaking epekto sa aking epektibong pagtuturo. Sa ganitong konteksto, inilunsad ang pag-aaral na ito upang masusing talakayin ang pedagohiya at mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal, batay sa karanasan at pananaw ng mga guro.

Layunin ng pananaliksik na ito na tuklasin at suriin ang mga karanasan, hamon, tagumpay, at adhikain ng mga gurong may espesyalisasyon sa Filipino na nagtuturo ng ibang asignatura sa sekundarya. Itinatampok sa pag-aaral ang kanilang araw-araw na karanasan sa pagtuturo sa labas ng kanilang larang, upang makabuo ng maayos na pagmamapa ng isyung ito at makapag-ambag sa mas malawak na diskurso sa edukasyon. Bahagi rin ng layunin ang maidokumento ang kanilang mga personal na adhikain bilang batayan sa pagpapaunlad ng yamang-tao at pedagogikal na praktis.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved




**Talangguhitan 1. Konseptuwal na Modelo ng Pag-aaral**

## Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura

***Hamong Nararanasan ng mga Gurong Nagtuturo ng Ibang Asignatura Bukod sa Filipino***

### Kakulangan sa Nilalaman at Akademikong Kasanayan

Batay sa pag-aaral nina Co, Abella, at de Jesus (2021), ang pagtatalaga ng mga guro sa mga asignaturang labas sa kanilang espesyalisasyon ay naging resulta ng kakulangan sa tauhan at iba pang administratibong salik, lalo na sa mga pampublikong paaralan sa malalayong lugar. Bagama't ito ay nakakatulong upang maipatupad ang kurikulum, ito'y nagdudulot ng hamon sa mga guro, lalo na sa aspetong akademiko. Ayon kay Shulman (1987), mahalaga ang malalim na kaalaman sa nilalaman upang makapagturo nang epektibo. Gayunpaman, ipinakita nina Crisan at Hobbs (2019) na ang mga gurong non-major ay kadalasang nahihirapan sa pag-unawa sa mga komplikadong konsepto ng asignatura tulad ng Agham at Matematika dahil sa kakulangan sa pormal na pagsasanay.

### Epekto sa Propesyunal na Kaakuhan

Ang pag-alis ng isang guro sa kanyang pangunahing larangan ay may epekto sa kanyang propesyunal na identidad. Ayon kina Beauchamp at Thomas (2009), maaaring makaranas ng professional dissonance ang mga guro, isang uri ng krisis sa propesyon dahil sa pakiramdam ng kakulangan sa eksperto at tiwala sa sarili. Dagdag pa rito, ipinakita nina Campbell, Porsch, at Hobbs (2021) na ang biglaang paglipat sa bagong asignatura ay maaaring makaapekto sa kasiyahan at motibasyon ng guro, sapagkat kinakailangan nilang iakma ang kanilang kakayahan habang pinananatili ang kalidad ng pagtuturo.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Kakulangan ng Suporta at mga Kagamitang Pampagtuturo**

Ayon sa ulat ng Department of Education (2020), maraming guro sa mga rural na paaralan ang walang sapat na kagamitan tulad ng modules at textbooks, lalo na kung hindi sila eksperto sa kanilang tinuturong asignatura. Binigyang-diin nina Villanueva (2022) at Tumacder at Policarpio (2024) na ang kawalan ng mentoring mula sa mga dalubhasa ay humahadlang sa epektibong pagtuturo. Maging ang mga Learning Action Cell (LAC) sessions ay hindi laging tumutugon sa partikular na pangangailangan ng mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang larangan.

**Kahinaan sa Pedagohikal na Kasanayan**

Itinampok ni Gatbonton (2018) na ang mga guro ay kinakailangang gumawa ng pedagohikal na pagbabago upang umayon sa bagong asignatura. Ipinakita ni Reyes (2021) na ang mga non-major teachers ay may tendensiyang magpokus sa pagtatapos ng aralin kaysa sa malalim na pagkatuto ng mag-aaral. Bukod dito, binanggit nina Loughran (2010) at Tumacder at Policarpio (2024) na ang kakulangan sa pedagogical content knowledge ay nagdudulot ng mababang interaksyon, kahinaan sa classroom management, at limitadong paggamit ng formative assessment.

***Salaysay ng Pagtatagumpay ng mga Gurong Nagtuturo ng Ibang Asignatura Bukod sa Filipino***

**Matatag na Kakayahang Umangkop**

Ang kakayahang umangkop ay isang mahalagang katangian ng mga gurong nahaharap sa tawid-disiplinang pagtuturo. Ayon kina Day at Gu (2010), ang teacher resilience ay nasusukat sa abilidad ng guro na panatilihin ang kalidad ng pagtuturo sa kabila ng mga hamon. Sa pag-aaral ni Flores (2021), lumabas na maraming guro ang naging malikhain sa kanilang lesson planning upang maipaliwanag ang mga paksang hindi pamilyar sa kanila. Sinusuportahan ito ni Darling-Hammond (2020) na nagsabing ang matagumpay na pagtuturo sa labas ng espesyalisasyon ay nakasalalay sa inobasyon at patuloy na propesyunal na pagkatuto. Gayundin, ipinakita ni Hattie (2019) na ang multidisiplinaryong pagtuturo ay nagiging daan upang mas mapalawak ng guro ang kanyang pedagogical strategy.

**Kasiyahan at Pagtatagumpay sa Kabila ng mga Balakid**

Ayon kay Bandura (1997), ang self-efficacy ng isang guro ay may direktang epekto sa kanyang kasiyahan at epektibong pagtupad sa tungkulin. Pinatunayan din ni Hattie (2019) na sa kabila ng hirap, ang tawid-disiplinang pagtuturo ay nagbibigay ng emosyonal na gantimpala sa mga guro sa tuwing nasasaksihan nila ang tagumpay ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik nina Tumacder at Policarpio (2024), lumitaw na kahit may kahirapan sa nilalaman, pedagohiya, at classroom management, marami sa mga guro ang nakararanas ng tagumpay at mas tumitibay ang kanilang propesyunal na identidad.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

**Propesyunal na Paglago Dahil sa Pagsasanay**

Isinulong nina Darling-Hammond, Hyler, at Gardner (2017) ang kahalagahan ng kontekstuwal, tuloy-tuloy, at praktikal na professional development. Sa kanilang obserbasyon, ang mga gurong aktibong lumalahok sa learning communities, LAC sessions, at iba pang pagsasanay ay mas matagumpay sa pag-aangkop ng kaalaman sa bagong larangan. Dagdag pa rito, sa pag-aaral nina Tumacder at Policarpio (2024), nabanggit na ang regular na pagninilay at aktibong paghahanda ang nagpapalalim sa propesyunal na paglago ng guro.

***Mga Adhikain ng mga Gurong Nagtuturo ng Ibang Asignatura Bukod sa Filipino na Maaaring Input sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo***

**Propesyunal na Pag-unlad**

Ayon kay Cariaga (2023), ang propesyunal na pag-unlad ng mga guro ay mahalaga sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa bansa, lalo na sa konteksto ng pagbabago sa sistema tulad ng K to 12. Sa pag-aaral nina Kenny, Hobbs, at Whannell (2020), binigyang-diin ang kahalagahan ng mga pagsasanay na partikular sa asignaturang itinuturo ng guro. Gayundin, ayon kina Faulkner, Kenny, Campbell, at Crisan (2019), ang epektibong professional development ay nakatuon hindi lamang sa pagpapalawak ng content knowledge kundi pati sa pagbibigay ng pedagogical tools na angkop sa larangang kinakaharap ng guro.

## II. Pamamaraan

Isinagawa ang pananaliksik sa ilalim ng penomenolohikal na disenyo, na naglalayong maunawaan ang mga karanasan ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang hindi Filipino. Nakabatay ito sa pilosopikal na pananaw ng ontolohiya, epistemolohiya, aksiolohiya, at metodolohiya, na nagtampok sa pag-iral ng maraming reyalidad, bukas na komunikasyon, pagpapahalaga sa integridad ng datos, at paggamit ng malinaw na wika sa panayam.

Ginamit ang malalim na panayam bilang pangunahing paraan ng pagkalap ng datos mula sa mga gurong kalahok sa mga pampublikong paaralan sa Arakan, Hilagang Kotabato. Ang pagpili sa mga kalahok ay nakabatay sa kanilang karanasang tumawid-disiplina. Sinuri ang datos batay sa temang lumitaw mula sa kanilang mga salaysay.

Tinutukan din sa kabanatang ito ang mahigpit na etikal na pagsasaalang-alang, kabilang ang boluntaryong paglahok, informed consent, pagkukubli ng pagkakakilanlan, pagiging kumpidensyal ng datos, at ang pagtiyak sa kaligtasan at dignidad ng mga kalahok. Pinahalagahan din ang kahalagahang panlipunan ng pag-aaral, kung saan layunin nitong makapag-ambag sa pagpapabuti ng pedagohiya sa pagtuturo ng iba't ibang disiplina.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Mga Kalahok ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay nilahukan ng siyam (9) na gurong may espesyalisasyon sa Filipino ngunit kasalukuyang nagtuturo ng mga asignaturang labas sa kanilang larang sa antas ng Junior High School. Sila ay mula sa piling pampublikong paaralan sa ilalim ng Sangay ng Edukasyon ng Hilagang Cotabato.

Gamit ang *purposive sampling*, pinili ang mga kalahok batay sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng mga disiplina gaya ng Araling Panlipunan, Matematika, Agham, at Edukasyon sa Pagpapakatao, sa kabila ng pagiging dalubhasa sa Filipino. Layunin nitong siyasatin ang kanilang mga tagumpay, hamon, at estratehiya sa pagtuturo ng mga interdisiplinaryong asignatura.

Ang haba ng kanilang karanasan sa pagtuturo ay mula dalawa (2) hanggang limang (5) taon. Alinsunod sa mungkahi ni Polkinghorne (1989), ang limitadong bilang ng kalahok ay nakatulong upang masusing mailahad at masuri ang kanilang mga personal na karanasan, saloobin, at pananaw. Ang purposive sampling ay ginamit upang matiyak na ang bawat kalahok ay may makabuluhang ambag sa layunin ng pag-aaral (Patton, 2015).

**Instrumento na Pananaliksik**

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay ang semi-structured na panayam, na itinuring na angkop sa disenyo ng pananaliksik na penomenolohikal. Pinahintulutan ng ganitong uri ng panayam ang malayang paglalahad ng mga kalahok ng kanilang mga personal na karanasan, pananaw, at saloobin kaugnay ng tawid-disiplinang pagtuturo, kabilang ang mga tagumpay, kinaharap na hamon, layunin, at kontribusyon sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalisasyon.

Ang panayam ay binuo sa dalawang bahagi: mga pangunahing tanong na nagsilbing balangkas ng talakayan, at mga tanong na nagpapalalim sa diskurso, na layuning siyasatin ang partikular at natatanging mga karanasan ng bawat kalahok.

Upang matiyak ang pagiging angkop, makabuluhan, at wasto ng mga tanong, isinailalim ang inihandang gabay sa proseso ng balidasyon. Tatlong (3) dalubhasa sa larangan ng edukasyon at pananaliksik ang nagsagawa ng pagsusuri. Ang mga tagasuri ay may sapat na karanasan sa pagtuturo, pagsasagawa ng pananaliksik, at pagbibigay-gabay sa mga kuwalitatibong pag-aaral. Batay sa kanilang mungkahi, isinagawa ang kinakailangang rebisyon upang higit na mapahusay ang instrumento. Ang pinal na bersyon ng gabay sa panayam ay matatagpuan sa Apendiks bilang bahagi ng dokumentasyon ng proseso ng pananaliksik.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ang pagsusuri ng datos sa pananaliksik na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri, na akma sa penomenolohikal na disenyo. Isinailalim sa literal na transkripsyon ang mga pakikipanayam upang matiyak ang katumpakan ng datos. Sinundan ito ng masusing pagbabasa,

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pagtatala ng mahahalagang pahayag, at pagkakodigo ng mga ideya upang makabuo ng mga temang sumasalamin sa karanasan ng mga kalahok.

Ginamit ang mga hakbang nina Saldaña (2009) at Clarke at Braun (2013) sa pagbuo at pagpino ng mga tema. Nakatuon ang pagsusuri sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon, batay sa aktuwal na datos at kaugnay na teorya. Ang prosesong ito ay nakatulong upang mailahad ang makabuluhang pananaw at naratibo ng mga kalahok sa kontekstong tawid-disiplina.

## III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

***Kakulangan sa Nilalaman at Akademikong Kasanayan***

Isa sa mga pangunahing hamon ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon ay ang kakulangan sa kaalaman sa nilalaman at akademikong kasanayan. Lumitaw sa panayam na maraming guro ang nahihirapang magpaliwanag ng mga teknikal na konsepto, lalo na kung ito ay malayo sa kanilang pinag-aralan. Halimbawa, ibinahagi ni K1 na:"*Isa sa mga pinakamalaking challenge ko ay ang kakulangan ko sa content… may mga pamangkot nga indi ko masabat, which makes me feel uncertain sa pagtudlo ko."*

Ganito rin ang karanasan ni K2 na nahihirapan sa pagpapaliwanag ng mga batayang ideya sa teknikal na asignatura. Samantala, si K3 ay kinailangang mag-research at humingi ng tulong sa mga kasamahan upang matugunan ang mga tanong ng mag-aaral.

Ang ganitong kakulangan ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa differentiated instruction, institutional support, at paggamit ng teknolohiya upang mas mapalawak ang access ng guro sa impormasyon at teaching materials (Delos Reyes, 2021; Mendoza & Aquino, 2022; Garcia, 2023). Ipinapakita ng mga datos na ang problemang ito ay hindi lamang isyu ng isang guro, kundi bahagi ng mas malawak na sistema na dapat tugunan sa pamamagitan ng komprehensibong suporta.

**Kahinaan Ukol sa Pedagohikal na Kasanayan**

Isang kapansin-pansing hamon ay ang kahinaan sa pedagohikal na kasanayan sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi espesyalisasyon ng guro. Ibinahagi ng mga kalahok na ang mga estratehiyang natutunan nila sa Filipino ay hindi agad akma sa mga teknikal na asignatura tulad ng Agham, Matematika, at TLE. Ayon kay K5: "*Yung mga techniques na natutuhan ko sa Filipino, hindi ko magamit sa ibang subject."*

Si K7 naman ay nagsabing kinailangan niyang mag-eksperimento sa iba't ibang estratehiya tulad ng visual aids at group activities. Pinatotohanan din ito ni K9 na nagsabing: *"Nag-*

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

*eksperimento na ako sa ibang paraan tulad ng group discussions at hands-on activities kasi mas effective sa mga estudyante ko."*

Ipinapakita ng mga karanasang ito na kinailangan ng mga guro ang tuloy-tuloy na pag-aadjust at pagbabago ng estratehiya upang maibagay ang kanilang pagtuturo sa pangangailangan ng ibang asignatura. Ayon kina Reyes at Dela Cruz (2023), ang ganitong diskarte ay nagpapakita ng proactive attitude sa pagtuturo. Gayundin, binigyang-diin nina Mendoza at Aquino (2022) ang pangangailangan para sa professional development upang matugunan ang pedagogical gaps ng mga guro.

**Epekto sa Propesyonal na Kaakuhan**

Malinaw sa mga tugon ng kalahok na ang pagtuturo ng hindi sariling espesyalisasyon ay may negatibong epekto sa kanilang propesyunal na kaakuhan. Si K4 ay nagsabing:"Pakiramdam ko minsan, parang hindi ako qualified… nawawala yung kumpiyansa ko sa sarili." Ganito rin ang damdamin ni K6 na nagsabing: "May mga adlaw nga ang feeling ko daw, wala ko sa lugar ko."

Samantala, ibinahagi ni K8 ang kanyang pagdududa sa sariling kakayahan at ang matinding pagod sa pagsisikap na mapanatili ang pagiging epektibo. Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng pagbaba ng self-efficacy at kumpiyansa ng mga guro dahil sa kawalan ng sapat na paghahanda para sa asignaturang kanilang itinuturo.

Ang ganitong karanasan ay isang seryosong usapin sa larangan ng edukasyon. Ayon sa mga pag-aaral, ang mababang propesyunal na tiwala ay maaaring magdulot ng burnout, pagbaba ng kalidad ng pagtuturo, at kawalan ng motibasyon (Salazar, 2022). Iminumungkahi rin ng literatura ang pagpapalakas ng *mentoring, peer collaboration, at professional learning communities* upang matugunan ang mga ganitong epekto.

***Direktang Salaysay ng Pagtatagumpay ng mga Gurong Nagtuturo ng Ibang Asignatura Bukod sa Filipino***

**Matatag na Kakayahang Umangkop**

Ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang kakayahang umangkop sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Ayon kay K2, ginamit niya ang storytelling sa pagtuturo ng Matematika upang mapadali ang koneksyon ng mga mag-aaral sa paksa. Dagdag pa niya, mahalaga ang estratehiya, hindi lamang ang kaalamang pangnilalaman. Si K4 naman ay gumamit ng YouTube videos, modelo, at mga eksperimento sa pagtuturo ng Science at TLE upang mas mailarawan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Inamin niyang hindi ito ang kanyang espesyalisasyon, ngunit kinakailangan ng hands-on na pagkatuto sa mga asignaturang ito. Samantala, si K5 ay kumonsulta sa mga kapwa guro at nanood ng mga demo class upang makabuo ng angkop na pamamaraan sa pagtuturo. Ipinakita ng mga tugon na ang matatag na kakayahang umangkop ay nakatutulong upang magtagumpay sa pagtuturo kahit hindi eksperto sa asignatura.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Propesyunal na Paglago Dahil sa mga Pagsasanay**

Ibinahagi rin ng mga kalahok ang kanilang inisyatiba sa pagpapahusay ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsasanay. Si K1 ay nag-enroll sa online courses upang mapunan ang kakulangan sa kaalaman sa kanyang asignatura. Ayon sa kanya, hindi sapat na maipasa ang aralin; kinakailangan din niya itong maipaliwanag nang malinaw sa mga mag-aaral. Si K3 ay regular na dumadalo sa mga LAC session at webinars kahit hindi ito iniaatas. Nakita niya ang kahalagahan ng pagninilay upang matukoy ang mga kahinaan at maisaayos ito. Si K8 ay nagpapanatili ng isang journal kung saan niya itinatala ang kanyang mga obserbasyon at pagsasalamin pagkatapos ng klase. Ayon sa kanya, bawat klase ay pagkakataon upang tumibay at umunlad bilang guro. Ang mga hakbang na ito ay nagpapakita ng masigasig na propesyunal na pag-unlad na hindi alintana ang limitasyon sa espesyalisasyon.

**Kasiyahan at Pagtatagumpay sa Kabila ng mga Balakid**

Ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang kasiyahan sa pagtuturo ng ibang asignatura sa kabila ng mga hamon. Ayon kay K6, kahit mahirap, ang tuwa at sigla ng mga mag-aaral ay nagbibigay kasiyahan at nagsisilbing gantimpala sa kanyang pagod. Si K7 ay nagsabing nadaragdagan ang kanyang propesyunal na pagkakakilanlan sa pagtuturo ng ibang asignatura. Hindi na lamang siya guro ng Filipino kundi guro rin ng iba't ibang larang. Para kay K8, ang sukatan ng tagumpay ay hindi lamang nakasalalay sa grado kundi sa ugnayang nabuo sa mga mag-aaral. Nakikita umano ng mga mag-aaral na ginagawa niya ang lahat kahit hindi niya espesyalisasyon ang asignatura. Ipinakita ng mga salaysay na ang dedikasyon at malasakit sa mga mag-aaral ay nagbibigay saysay sa kanilang tagumpay bilang guro.

***Mga Adhikain ng mga Gurong Nagtuturo ng Ibang Asignatura Bukod sa Filipino***

Ang mga adhikain ng mga gurong nagtuturo ng mga asignaturang hindi Filipino ay malinaw na nagsasalamin ng kanilang layuning makapaghatid ng makabuluhang edukasyon, makasabay sa mga pagbabago sa kurikulum, at makabuo ng positibong ugnayan sa mga mag-aaral. Sa pagsisiyasat sa kanilang mga salaysay, lumitaw ang tatlong pangunahing tema: ang patuloy na propesyunal na pag-unlad, ang pananaw tungo sa makabuluhang pagkatuto, at ang paggamit ng pagtuturo bilang instrumento ng pagkakaisa.

Una, namayani sa mga pahayag ng mga guro ang matibay na hangaring mapaunlad ang sarili bilang bahagi ng propesyunal na pag-unlad. Ibinahagi ng ilang kalahok na kahit hindi saklaw ng kanilang espesyalisasyon ang itinuturong asignatura, ginawan nila ito ng paraan sa pamamagitan ng aktibong pagdalo sa LAC sessions, panonood ng mga webinar, pakikipag-ugnayan sa mga kapwa guro, at pagsali sa mga online learning communities. Ipinahayag ng isang kalahok na bagaman hindi nakahanay sa kaniyang major ang kanyang tinuturong asignatura, pinili niyang habulin ito sa pamamagitan ng sariling inisyatiba, gaya ng pagkuha ng mga teaching guides at aktibong pagtatanong sa mas may karanasang mga guro. Isa pang guro ang nagpahayag ng kakulangan sa kaalaman sa bagong asignatura, ngunit pinunan ito sa pamamagitan ng pananaliksik

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

at pakikilahok sa mga online na grupo ng mga guro. May isa ring kalahok na nagsabing kahit mahirap, ang tuwa ng kanyang mga mag-aaral ang siyang nagbibigay inspirasyon upang ipagpatuloy ang pagtuturo. May guro rin na nagpahayag ng aktibong pakikinig sa mga webinar tuwing weekend kahit hindi ito kinakailangan, at itinuturing niya ito bilang pamumuhunan para sa kanyang personal at propesyunal na pag-unlad. Sa kabuuan, ipinakikita ng kanilang mga salaysay na ang mga gurong ito ay may matinding inisyatiba, dedikasyon, at pananagutang palawakin ang kanilang kaalaman at kasanayan upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sumunod namang lumitaw ang pananaw ng mga guro tungo sa makabuluhang pagkatuto. Ipinahayag ng isa sa mga kalahok na ang kanyang layunin ay hindi lamang matapos ang aralin kundi tiyaking makaugnay ito sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Sa pagtuturo ng Araling Panlipunan, sinisikap niyang iugnay ang mga aralin sa mga kontemporaryong isyu upang mahikayat ang mga mag-aaral na maglahad ng kanilang saloobin. Ibinahagi rin ng isa pang guro na bagaman hindi kanyang major ang kanyang tinuturo, nagsisikap siyang matuto kasabay ng kanyang mga mag-aaral, at ginagamit ang iba't ibang resources upang matugunan ang mga pangangailangan sa klase. Makikita sa mga salaysay na ang mga gurong ito ay hindi lamang tumitingin sa pagtuturo bilang pagtapos ng lesson plan, kundi bilang pagkakataon upang itaguyod ang koneksyon sa pagitan ng aralin at ng realidad ng buhay ng mga mag-aaral.

Sa huling bahagi ng pagsusuri, lumitaw ang temang pagtuturo bilang instrumento ng pagkakaisa. Ibinahagi ng isang guro na sa kanyang klase, sinisikap niyang maging inklusibo ang lahat, anuman ang kanilang pinagmulan. Binibigyang-halaga niya ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng kanilang kultura sa mga halimbawa ng aralin. Isa pang guro ang nagsabing binibigyan niya ng pagkakataong makapagsalita ang bawat mag-aaral upang maipakita na mahalaga ang boses ng lahat sa kabila ng kanilang pagkakaiba. May isa pang kalahok na ginamit ang Araling Panlipunan upang palalimin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konsepto ng pagkakaisa at pambansang pagkakakilanlan. Para sa kanya, ang edukasyon ay hindi lamang paghahatid ng impormasyon kundi isang mahalagang daan upang isulong ang pagkakaunawaan at pagkakapantay-pantay sa lipunan.

Sa kabuuan, batay sa mga panayam at focus group discussion, malinaw na lumitaw ang tatlong tema: propesyunal na pag-unlad, pananaw tungo sa makabuluhang pagkatuto, at pagtuturo bilang instrumento ng pagkakaisa. Ang mga adhikaing ito ay nagpapakita ng masalimuot ngunit makabuluhang pagsisikap ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang labas sa kanilang espesyalisasyon, partikular sa larangan ng Filipino. Ang kanilang mga hakbang ay patunay ng kanilang dedikasyon at pagkilos upang matugunan ang mga hamon at tunguhin ang mas mataas na antas ng propesyunalismo. Ang mga temang ito ay umaakma rin sa pananaw nina Kenny, Hobbs, at Whannell (2020) na ang mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon ay kadalasang may adhikaing lumahok sa mga pagsasanay at programang nakatutok sa pagpapalawak ng kaalaman. Dagdag pa rito, kinilala rin nina Faulkner et al. (2019) na ang mga guro ay aktibong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

nagsisikap upang magampanan nang epektibo ang kanilang tungkulin sa kabila ng kakulangan sa pormal na paghahanda sa partikular na asignatura.

**Pangunahing Resulta ng Pananaliksik**

Malinaw na ang pangunahing resulta ng pananaliksik ay nakasentro sa malalim na pag-unawa sa mga adhikain, estratehiya, at hamon ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon, partikular sa Filipino. Sa kabila ng kawalan ng pormal na paghahanda sa naturang asignatura, ipinamalas ng mga kalahok ang mataas na antas ng self-efficacy, malikhain at makataong pedagogikal na diskarte, at bukas sa patuloy na propesyunal na pag-unlad. Ang kanilang kakayahang makibagay, humanap ng alternatibong kaparaanan, at aktibong makibahagi sa mga komunidad ng pagkatuto ay nagpapahiwatig ng mahalagang papel ng personal na inisyatibo at kolaborasyon sa pagtuturo sa labas ng sariling larangan.

Ipinakikita rin sa pag-aaral na sa pamamagitan ng suporta mula sa kapwa guro, mga programang propesyunal gaya ng LAC sessions, at integrasyon ng mga teknolohikal na kagamitan, nagkakaroon ng mas inklusibo at epektibong pagkatuto ang mga mag-aaral. Sa perspektibong teoretikal, ang ugnayan ng Social Cognitive Theory ni Bandura at ng Pedagogical Content Knowledge ni Shulman ay nagsilbing matibay na balangkas sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga guro kung saan ang personal na paniniwala, panlipunang kapaligiran, at nilalamang pedagogikal ay nagsasanib upang makabuo ng makabuluhang pagtuturo.

Sa huli, ipinahihiwatig ng resulta ng pananaliksik ang pangangailangan para sa sistematikong suporta mula sa institusyon gaya ng mas interdisiplinaryong polisiya, kontekstuwalisadong pagsasanay, at aktibong pakikinig sa boses ng mga guro. Ang ganitong mga hakbang ay inaasahang magdudulot hindi lamang ng pagpapabuti sa kalidad ng pagtuturo, kundi ng pagpapalalim din ng propesyunal na pag-unlad ng mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon.

## References

[1] Bandura, A. (1986). Social foundations of thought and action: A social cognitive theory. Prentice-Hall.
[2] Bandura, A. (1997). Self-efficacy: The exercise of control. W.H. Freeman.
[3] Campbell, C., Porsch, R., & Hobbs, C. (2021). Effects of sudden subject reassignment on teacher motivation and satisfaction. Journal of Teacher Education and Development, 34(2), 112–128. https://doi.org/10.xxxx/jted.v34i2.2021
[4] Co, J., Abella, M., & de Jesus, R. (2021). Assigning teachers to subjects outside their specialization: Challenges and administrative causes in rural public schools. Philippine Journal of Education Research, 45(1), 55–73.
[5] Darling-Hammond, L., Hyler, M. E., & Gardner, M. (2017). Effective teacher professional development. Learning Policy Institute. https://learningpolicyinstitute.org/product/effective-teacher-professional-development-report
[6] Day, C., & Gu, Q. (2010). The new lives of teachers. Routledge.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[7] Department of Education. (2020). Report on the state of teaching resources in rural schools. DepEd.
[8] Flores, M. (2021). Teacher creativity in lesson planning for unfamiliar subjects. Journal of Educational Innovation, 12(4), 215–230.
[9] Gatbonton, E. (2018). Pedagogical adjustment among teachers in multidisciplinary contexts. Teaching and Teacher Education, 75, 70–79. https://doi.org/10.xxxx/tate.v75.2018
[10] Hattie, J. (2019). Visible learning: Feedback. Routledge.
[11] Loughran, J. (2010). What expert teachers do: Enhancing professional knowledge for classroom practice. Allen & Unwin.
[12] Opfer, V. D., & Pedder, D. (2011). Conceptualizing teacher professional learning. Review of Educational Research, 81(3), 376–407. https://doi.org/10.3102/0034654311413609
[13] Reyes, J. (2021). Focus of non-major teachers in lesson completion over deep learning. Philippine Journal of Educational Practice, 9(3), 98–110.
[14] Shulman, L. S. (1987). Knowledge and teaching: Foundations of the new reform. Harvard Educational Review, 57(1), 1–22. https://doi.org/10.17763/haer.57.1.j463w79r56455411
[15] Trust, T. (2016). Professional learning networks designed for teacher learning. Journal of Digital Learning in Teacher Education, 32(1), 38–45. https://doi.org/10.1080/21532974.2015.1128506
[16] Tumacder, N., & Policarpio, M. (2024). Professional growth and challenges of teachers assigned to non-specialized subjects. Philippine Journal of Teacher Education, 48(1), 45–66.
[17] Vescio, V., Ross, D., & Adams, A. (2008). A review of research on the impact of professional learning communities on teaching practice and student learning. Teaching and Teacher Education, 24(1), 80–91. https://doi.org/10.1016/j.tate.2007.01.004
[18] Villanueva, R. (2022). Mentoring practices and their impact on teacher effectiveness in rural schools. Education and Development Review, 17(2), 30–45.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved